Karapatang sipi 2018
UP Diliman Gender Office (UPDGO)
Unibersidad ng Pilipinas

Reserbado ang lahat ng Karapatan
ISSN No. 2619-7014

Inilalathala ng:
UP Diliman Gender Office (UPDGO)
Unibersidad ng Pilipinas
2/F Benton Hall, M. Roxas Street,
UP Diliman, Quezon City; 1101
981-8500 loc. 2467/926-9053
updgo@up.edu.ph o humanecampus@gmail.com

## Tungkol sa Pabalat

Hango ang disenyo ng pabalat mula sa mural na ***Sulo(ng) Kababaihan*** na ipininta nina Ides Josepina Macapanpan at Luigi Almuena, mga kasapi ng UGATLahi, Inc. Maaari itong bigkasing ***Sulong Kababaihan*** na nangangahulugan ng *carry forward*, padayon, taguyod, tuloy ang laban; at maaari ding **Sulô ng Kababaihan** o alab, liwanag, gabay na nagpapatungkol sa pakikibaka bilang sandata ng kababaihan laban sa lahat ng uri ng pagsasamantala at pang-aapi. Inilunsad ang mural sa Pandaigdigang Araw ng Kababaihan noong Marso 8, sa loob ng pagdiriwang ng Buwan ng Kababaihan, 2018. Matutunghayan ito sa palibot ng Benton Hall, Roxas St. kung saan nananahan ang UP Diliman Gender Office. Isinaayos ni Aaron Moises Bonete ang disenyo at guhit ng pabalat.

## UP Diliman Gender Review

Ang *Diliman Gender Review* (DGR) ay upisyal na *journal* ng UP Diliman Gender Office (UPDGO) na inilalathala isang beses bawat taon. Bilang pagsasagawa ng mandato nitong *gender mainstreaming*, naglalathala ito ng mga pangkasariang pananaliksik, mapanlikhang sulatin, rebyu ng mga tesis, disertasyon, aklat, at produktong pangmidya. Layon nitong magtanghal at magpalaganap ng mga bagong kaalaman at mapalakas ang talastasang pangkasarian na maaaring gamitin sa gawaing pagtuturo, administrasyon at ekstensiyon. Umaambag ito sa layunin ng Unibersidad na maging mayabong ang gawaing pananaliksik at paglalathala sa usapin ng kasarian.